Pinagtibay
05/12/29
Brotman Najarian
Lahat Oo

**RESOLUSYON BILANG** 20-52

**RESOLUSYONG NAGPAPALAWIG SA PROKLAMASYONG NAGLALAGAY SA LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA SA EMERHENSIYANG ESTADO DAHIL SA PANGANIB NG NOVEL CORONAVIRUS AT COVID-19**

**Samantalang, a**ng Glendale Municipal Code Kabanata 2.84 ng Lungsod ng Glendale ay nagsasaad na ang lokal na emerhensiya ay maaring ideklara ng Konseho ng Lungsod; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19 at iangat ang pagpapatupad ng 60-araw na tagal ng panahong nakasaad sa Government Code Seksyon 8630, na kung saan ang mga awtoridad ng lokal na pamahalaan ay maaring magpalawig sa pagdedeklara ng lokal na emerhensiya; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, nagdeklara ang County ng Los Angeles ng lokal na emerhensiya dahil sa kalamidad o matinding panganib sa kaligtasan ng mga tao at ari-arian na resulta ng paglaganap ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang isang pambansang emerhensiya at ipinahayag na ang pamahalaang pederal ay gagawa ng pondong pang-emerhensiya upang matulungan ang estado at ang mga lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19 ; at

**Samantalang**, noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, at sa pamamagitan ng Resolusyon 20-28 ay nagdeklara ng lokal na emerhensiya; at

**Samantalang,** ipinagtibay ng Konseho ang mga Resolusyon Blg. 20-29, 20-33, at 20-41 na naglabas, nagpatibay o nagpalawig sa ilang pampublikong kautusang itinuturing na kinakailangan upang mapangalagaan ang buhay, kalusugan, kaligtasan o ari-arian; at

**Samantalang,** ang kakayahan ng Lungsod na ipagpatuloy ang pagpapakilos ng mga lokal na resources, i-koordinada ang mga tugon sa pagitan ng mga ahensiya, mapabilis ang pagbili ng mga mahahalagang kagamitan, gumamit ng mga mutual aid, at humingi ng reimbursement sa hinaharap mula sa Estado at Pederal na pamahalaan, ay patuloy na nagiging kritikal sa matagumpay na pagtugon sa COVID-19 at ang mga direktibong idineklara ay kinakailangang baguhin dahil sa mga pagbabago sa mga nangyayari at nangangailangan din ng ekstensyon ng estado ng emerhensiya upang maipagpatuloy ang pagtugon sa pandemyang COVID-19;

NGAYON, SAMAKATWID, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, ay nagproklama, ayon sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, na ang lokal na emerhensiyang idineklara nong Marso 16, 2020, ay pinalalawig at ang Direktor ng mga Serbisyong Pang-Emerhensiya ay kailangang gumawa ng mga kaukulang hakbang upang mapangalagaan ang buhay, kalusugan at kaligtasan ng Lungsod ng Glendale at sa pamamagitan nito ay nagpapatupad ng mga sumusuod:

**8 C 1**

SEKSYON 1. Dito inihayag at iniutos na ang lokal na emerhensiya ay dapat ituring na patuloy na ipinatutupad hanggang ang katapusan nito ay idineklara ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California.

SEKSYON 2. Dito inihayag at iniutos na habang umiiral ang nasabing lokal na emerhensiyang ito, ang kapangyarihan, katungkulan, at tungkulin ng pang-emerhensiyang organisasyon ng Lungsod ay ang mga itinalaga sa batas ng Estado, ng charter, ng mga ordinansa, at mga resolusyon ng Lungsod na ito, at ng City of Glendale Emergency Plan, na ipinagtibay ng Konseho ng Lungsod;

SEKSYON 3. Dito ihihayag at iniutos na isang kopya ng proklamasyong ng pagpapalawig ng Estado ng Emerhensiya ay ipadadala sa Los Angeles County Office of Emergency Management upang ipadala sa Direktor ng California Governor's Office of Emergency Services na humihiling na ito ay maging katanggap-tanggap sa Direktor alinsunod sa batas ng Estado; na ang Gobernador ng California, batay sa Emergency Services Act, ay mag-isyu ng proklamasyong nagdedeklara ng emerhensiya sa Lungsod ng Glendale sa ilalim ng Los Angeles County; na ang Gobernador ay iuurong ang mga regulasyong maaaring umantala sa pagsisikap sa pagtugon at recovery; na ang pagtulong para sa recovery ay gagawing handang magamit sa ilalim ng California Disaster Assistance Act; at papabilisin ng Estado ang pag-access sa mga State at Federal resources at anumang angkop na mga pederal na mga relief program.

SEKSYON 4. Susunod ang Lungsod ng Glendale sa Kautusang Stay at Home ng County ng Los Angeles at magsimula ng proseso sa dahan-dahang pagbabago ng mga restriksiyon, habang laging tinitiyak na mayroong sapat na mga pangkaligtasang mganhakbang na ipinatutupad. Ang kautusan ng County ng Los Angeles ay nagsasaad na ang lahat ng mga residente ng County ng Los Angeles ay dapat manatili sa bahay maliban na lamang kung sila ay bahagi ng esensiyal o kinakailangang negosyo o aktibidad, tulad ng grocery shopping o pagbisita sa doktor. Habang inaalis ang mga restriksiyon, patuloy na hihimukin ng mga Opisyal ng Lungsod ang mga residente at negosyo ng Glendale na gumawa ng matinding pag-iingat sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga gawing inirerekomenda ng County Department of Public Health. Sa ilang mga sitwasyon, ang Direktor ng Emergency Services o ang Konseho ng Lungsod ay maaaring mag-patupad ng mas mahigpit na mga hakbang upang labanan ang pagkalat ng COVID-19, at ang mga mas mahigpit na mga hakbang ay dapat na pumalit sa anumang mas magaang na mga restriksiyon sa County ng Los Angeles.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Vrej Agajanian
Mayor

ATTEST:

City Clerk

APPRC'V FOR M
PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY
DATE May 13, 2020

ESTADO NG CALIFORNIA
COUNTY NG LOS ANGELES ss.
LUNGSOD NG GLENDALE

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Blg. 20-52 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang emerhensiyang pagpupulong na ginanap noong ika-12 araw ng Mayo, 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

| | |
|---|---|
| Oo: | Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian |
| Hindi: | None |
| Hindi Dumalo: | None |
| Hindi Bumoto: | None |

City Clerk

Pinagtibay
05/12/20
Brotman, Kassakhian
**Hindi: Devine, Najarian**

**RESOLUSYON BILANG** 20-53

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NAGBABAGO AT NAGPAPALAWIG SA NAUNANG RESOLUSYONG NAGLATHALA NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN UKOL SA MORATORYO SA RESIDENSIYAL NA PAGPAPAALIS SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE UKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 18, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 3, na nagpapatupad ng moratoryong nagbabawal sa pagpapaalis sa residensiyal at komersyal na umuupa dahil sa hindi pagbabayad ng upa dahil sa COVID-19, at ang nasabing Kautusan noong Marso 24, 2020 ay binago, inaprubahan at pinalawig ng Konseho ng Lungsod at nagdagdag ng probisyong 14 na araw na nakasulat na paunawa para sa moratoryo sa ebiksiyon; at

**Samantalang,** noong Marso 27, 2020, naglabas ang Gobernador ng isang Ehekutibong Kautusan (N-37- 20), na nagpapahaba sa panahon upang ang residensiyal na umuupa ay makatugon sa pagpapaalis sa pamamagitan ng pagbigay ng sulat bago ang takdang petsa ng pagbabayad ng upa o hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos nitong hindi bayaran ang upa dahil sa COVID-19. Sa ilalim ng Kautusan ng Gobernador, ang nangungupahan ay kinakailangan lamang na magbigay ng dokumentasyon sa nagpapaupa na ang dahilan ay kaugnay sa COVID-19 sa oras ng pagbabayad ng hindi mabayarang upa, na may ligal na epekto na mapalitan ang 14 na araw na nakasulat na pahintulot ng Lungsod; at

8 C 2

**Samantalang,** noong Abril 6, 2020, ang California Judicial Council (CJC) - ang awtoridad ng administratibo sa mga korte ng estado - ay naglabas ng isang emerhensiyang kautusang nagbabawal sa pagbibigay ng ligal na pagpapatawag (summon) para sa ebiksiyon hanggang 90 araw pagkatapos i-deklara ng Gobernador ang emerhensiyang estado na may kaugnayan sa COVID-19 na pandemya ay maalis, maliban na lamang kung ang pagpapaalis ay para sa kalusugan at kaligtasan at pagpapatuloy ng kasalukuyang kaso na na di baba sa 60 araw; at

**Samantalang,** noong Abril 8, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 6, na binago ang Patakarang Moratoryum ng Ebiksiyon sa pagsasailalim ng mga ito sa Ehekutibong Kautusan ng Gobernador ukol sa ersidensiyal na ebiksiyon at sa kautusan ng Judicial Council ng California na nag-aantala sa mga paglilitis sa pagpapaalis at nagbabawal din sa mga nagpapaupa na sumingil o magkolekta ng mga di nabayarang singil o interes sa hindi bayad na upa, o gumawa ng hakbang na makaka-harrass sa pagtatangkang mangolekta ng ipinagpaliban na upa; at

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 20-41, pinagtibay at pinalawig ang Pampublikong Kautusan Blg. 6 sa pamamagitan ng pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad sa Moratoryum ng Pagpapaalis mula sa 6 na buwan hanggang 12 buwan at pinalawi ang pampublikong kautusan sa Moratoryum ng Ebiksiyon hanggang Mayo 31, 2020.

**Samantalang,** ang nasabing mga mapanganib na kondisyon ay patuloy na umiiral, at kinakailangan ang pagpapalawig ng mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatibay ng mga karagdagang proteksyon para sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng publiko.

**MAGING RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSYON 1. Resolusyon Blg. 20-41 (Seksyon 1, subsekyon B), kaugnay sa pang-emerhensiyang pampublikong kautusang nagpapatupd ng moratoryum sa ebiksiyo, ngayon ay pinalalawig ayon sa mga sumusunod:

> Moratoryum sa Pagpapaalis sa Residensiyal na Nangungupahan. Upang magbigay ng tulong at proteksyon sa mga residente ng Glendale sa panahon ng hindi pa naranasang emerhensiya, ang moratoryum sa pagpapaalis sa residesiyal na nangungupahan ay dapat palawigin hanggang Hunyo 30, 2020, at dapat sumunod sa Resolusyon Blg. 20-41, maliban sa mga sumusunod na pag-amenda:
>
> A. Ang panahon para sa mga nangungupahan ng tirahan upang mabayaran ang anumang hindi bayad na upa ay dapat na mabayaran sa loob ng labindalawang buwan matapos ang bisa ng kautusang ito.
>
> B. Mula sa petsang ang muling pagbabayad ay magsimula na matatapos makalipas ang labing dalawang buwan malakipas ang pagtatapos ng moratoryum na ito, ang nagpapaupa at nangungupahan ay dapat magsaayos ng isang prorated na iskedyul ng pagbabayad ng mga hindi bayad na upa na hindi bababa sa 25% ng ipinagpalibang halaga ng upa y dapat mabayaran sa katapusan ng bawat quarter. Kung tinatapos ng nangungupahan ang pag-upa sa panahon ng pagbabayad, ang kabuuang halaga ng ipinagpalibang upa ay dapat na agad na bayaran.
>
> C. Sa kabila ng Subseksyon B sa itaas, ang nagpapaupa at nangungupahan ay maaaring sumang-ayon sa iba't ibang mga paraan sa pagbabayad.

SEKSYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusan o aplikasyon nito ay hindi wasto ayon sa korteng may karampatang hurisdiksyon, ang nasabing kawalang-bisa ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon, seksyon, o aplikasyon ng Mga Kautusan o Resolusyon na maaaring ipatupad na hindi kasama ang hindi wastong probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito magin ang bawat parirala, seksyon, pangungusap, o salita ay idineklara na maaaring ihiwalay sa iba.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng Abogado ng Lungsod para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng sariling diskresyon sa pag-papatupad ng kautusang ito at parating isaisip ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, kasama ng iba pang mga mekasnismo ng pagtutupad na nasaad doon, na nagpaptaw ng multang $400 sa unang paglabag, $1,000 sa pangalawang paglabag, at $2,000 sa pangatlong paglabag.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga sumusunod na kautusan ay hindi pumapalit sa mga mas mahigpit na limitasyong ipinataw ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Vrij Agajanian
Mayor

ATTEST:

Aram Adjemian
City Clerk

ESTADO NG CALIFORNIA
COUNTY NG LOS ANGELES SS.
LUNGSOD NG GLENDALE

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Blg. 20-53 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto

Oo: Brotman, Kassakhian, Agajanian
Hindi: Devine, Najarian
Hindi Dumalo: None
Hindi Bumoto: None

Aram Adjemian
City Clerk

APPROVED AS TO FORM
PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY
DATE May 13 2020

Pinagtibay
05/12/20
Kassakhian/Brotman
Hindi: Najarian

**RESOLUSYON BILANG 20-54**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, BINAGO AT PINALAWIG ANG NAUNANG RESOLUSYON NA NAGLATHALA NG PAMPUBLIKONG KAUTUSANG NAGSASAAD NG MORATORYUM SA KOMERSIYAL NA EBIKSIYON SA ILALIM NG PANG-EMERHENSIYANG AWTORIDAD NG LUNGSOD NG GLENDALE UKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 18, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 3, na nagpapatupad ng moratoryong nagbabawal sa pagpapaalis sa residensiyal at komersyal na umuupa dahil sa hindi pagbabayad ng upa dahil sa COVID-19, at ang nasabing Kautusan noong Marso 24, 2020 ay binago, inaprubahan at pinalawig ng Konseho ng Lungsod at nagdagdag ng probisyong 14 na araw na nakasulat na paunawa para sa moratoryo sa ebiksiyon; at

**Samantalang,** noong Marso 27, 2020, naglabas ang Gobernador ng isang Ehekutibong Kautusan (N-37- 20), na nagpapahaba sa panahon upang ang residensiyal na umuupa ay makatugon sa pagpapaalis sa pamamagitan ng pagbigay ng sulat bago ang takdang petsa ng pagbabayad ng upa o hindi lalampas sa pitong araw pagkatapos nitong hindi bayaran ang upa dahil sa COVID-19. Sa ilalim ng Kautusan ng Gobernador, ang nangungupahan ay kinakailangan lamang na magbigay ng dokumentasyon sa nagpapaupa na ang dahilan ay kaugnay sa COVID-19 sa oras ng pagbabayad ng hindi mabayarang upa, na may ligal na epekto na mapalitan ang 14 na araw na nakasulat na pahintulot ng Lungsod; at

**Samantalang,** noong Abril 6, 2020, ang California Judicial Council (CJC) - ang awtoridad pang-administratibo sa mga korte ng estado - ay naglabas ng isang emerhensiyang kautusang nagbabawal sa pagbibigay ng ligal na pagpapatawag (summon) para sa ebiksiyon hanggang 90 araw pagkatapos i-deklara ng Gobernador ang emerhensiyang estado na may kaugnayan sa COVID-19 na pandemya ay maalis, maliban na lamang kung ang pagpapaalis ay para sa kalusugan at kaligtasan at pagpapatuloy ng kasalukuyang kaso na na di baba sa 60 araw; at

**Samantalang,** noong Abril 8, 2020, naglabas ang Direktor ng Serbisyong Pang-emerhensiya ng Pambulikong Kautusan Blg. 6, na binago ang Patakarang Moratoryum ng Ebiksiyon sa pagsasailalim ng mga ito sa Ehekutibong Kautusan ng Gobernador ukol sa ersidensiyal na ebiksiyon at sa kautusan ng Judicial Council ng California na nag-aantala sa mga paglilitis sa pagpapaalis at nagbabawal din sa mga nagpapaupa na sumingil o magkolekta ng mga di nabayarang singil o interes sa hindi bayad na upa, o gumawa ng hakbang na makaka-harrass sa pagtatangkang mangolekta ng ipinagpaliban na upa; at

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 20-41, pinagtibay at pinalawig ang Pampublikong Kautusan Blg. 6 sa pamamagitan ng pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad sa Moratoryum ng Pagpapaalis mula sa 6 na buwan hanggang 12 buwan at pinalawi ang pampublikong kautusan sa Moratoryum ng Ebiksiyon hanggang Mayo 31, 2020.

**Samantalang,** ang nasabing mga mapanganib na kondisyon ay patuloy na umiiral, at kinakailangan ang pagpapalawig ng mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatibay ng mga karagdagang proteksyon para sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng publiko.

**PINAGTIBAY NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE na:**

SEKSYON 1. Resolusyon Blg. 20-41 (Seksyon 1, subsekyon B), na may kaugnayan sa isang pang-emerhensiyang kaayusang pampublikong nagpapataw ng isang moratoryum sa pag-papaalis sa komersyal na paupahan, kasama dito ang sumusunod:

A. Moratorium sa Pagpapaalis sa Komersyal na Nangungupahan. Upang magbigay ng tulong at proteksyon sa mga komersyal na umuupa at mga negosyo ng Glendale sa panahon ng hindi pa naranasang emerhensiya, ang moratoryum sa pagpapaalis sa komersiyal na nangungupahan at mga negosyo ay dapat palawigin hanggang Hunyo 3, 2020, at dapat sumunod sa Resolusyon Blg. 20-41, maliban sa mga sumusunod na pag-amenda:

   1. Ang nangungupahan ay nagbigay ng nakasulat na paunawa sa nagpapaupa labing-apat na araw bago ang takdang araw ng pagbabayad na nagsasabing maaantala ang lahat o ilang pagbabayad ng upa dahil sa kawalang kakayahang magbayad ng buong halaga dahil sa mga kadahilanang may kaugnayan sa COVID-19;

   2. May tatlong buwan matapos ang Kautusang ito upang ang mga komersyal na nangungupahan ay magbayad ng anumang hindi nabayarang upa.

   3. Mula sa petsa ng Resolusyong ito na nag-aamenda at nagpapalawig sa moratorium para sa komersyal na ebiksiyon, hindi sakop ng kautusang ito ang anumang komersyal na pag-aari na inuupahan ng isang kumpanyang itinuturing na “publicly traded company”.

SEKSYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusan o aplikasyon nito ay hindi wasto ayon sa korteng may karampatang hurisdiksyon, ang nasabing kawalang-bisa ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon, seksyon, o aplikasyon ng Mga Kautusan o Resolusyon na maaaring ipatupad na hindi kasama ang hindi wastong probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito magin ang bawat parirala, seksyon, pangungusap, o salita ay idineklara na maaaring ihiwalay sa iba.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng Abogado ng Lungsod para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gumamit ng sariling diskresyon sa pag-papatupad ng kautusang ito at parating isaisip ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, kasama ng iba pang mga mekasnismo ng pagtutupad na nasaad doon, na nagpaptaw ng multang $400 sa unang paglabag o citation, $1,000 sa pangalawang paglabag, at $2,000 sa pangatlong paglabag.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga sumusunod na kautusan ay hindi pumapalit sa mga mas mahigpit na limitasyong ipinataw ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Vrej Agajanian

Mayor

ATTEST:

City Clerk

ESTADO NG CALIFORNIA
COUNTY NG LOS ANGELES      SS.
LUNGSOD NG GLENDALE

Ako si, Aram Adjemian, ang City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Bialng 20-54 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo, 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

| | |
|---|---|
| Ayes: | Brotman, Devine, Kassakhian, Agajanian |
| Noes: | Najarian |
| Absent: | None |
| Abstain: | None |

City Clerk

APPROVED AS TO FORM

PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY
DATE 5.13.20

Pinagtibay
05/12/20
Najarian/Devine Hindi: Brotman

**RESOLUSYON BILANG** 20-55

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG NG NAUNANG RESOLUSYON NA NAGHAHAYAG NG PAMPUBLIKONG KAUTUSAN PARA SA PAGTAKIP NG MUKHA SA ILALIM NG NG AWTORIDAD NA PANGEMERHENSIYA NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNGING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang**, ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** ang mga mapanganib na kondisyon ay nananatiling umiiral, at nangangailangan ng pagpapalawig ng bisa mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatibay ng mga karagdagang proteksyon sa pangangalaga ng pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**MAGING RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE** na:

SEKSYON 1. Resolusyon Blg. 20-41, kaugnay sa pampublikong pang-emerhensiyang kautusan ukol sa pagtatakip ng mukha na ngayo'y pinalalawig hanggang Hunyo 3, 2020, at dito kinumpirmang magsasaad ng mga sumusunod:

A. Lahat ng tao, kasama ang mga Esensiyal ng mga Manggagawa, na tinukoy ng Los Angeles County Department sa Pampublikong Kautusang Pangkalusugan na "Safer at Home" na inamendahan noong Abril 10, 2020

o maari pang amendahan, ("County Public Health Order"), ay nararapat magsuot ng takip sa mukha gaya ng bandana (gawa sa makapal at walang butas na tela), neck gaiters, o kahit anong tela na pangtakip sa mukha tuwing umaalis sila sa kanilang tirahan, lugar na pinagtatrabahuhan o kung nasa labas o pampublikong lugar para sa mga kinakailangang gawain tulad ng paglalakad sa kapitbahayan, paglalakad patungo o pabalik mula sa Esensiyal na Negosyo at kung gumagamit ng pampublikong transportasyon; sa kondisyong hindi kinakailangang magsuot ng pangtakip sa mukha ang mga nag-iisang nagmamaneho ng pribadong sasakyan o may kasamang miyembro ng kaniyang kabahayan, maliban na lamang kung kinakailangan nilang ibaba ang kanilang mga bintana para sa anumang dahilan gaya ng pakikipag-ugnayan sa mga unang tumutugon, sa mga trabhador sa serbisyong pagkain o sa sinumang hindi miyembro ng kanilang kabahayan. Ang mga batang may edad na 2 pababa (kasama ang mga sanggol) ay hindi kinakailangang magsuot ng pangtakip sa mukha. Ang mga bata na may edad na pagitan ng 2 hanggang 8 ay kinakailangang gumamit ng takip sa mukha ngunit sa ilalim ng superbisyon ng isang nasa sapat na gulang para masiguro na ang bata ay nakakahinga ng ligtas at maiwasan na mabulunan o mahirapan sa paghinga. Ang mga batang may problema sa paghinga ay hindi dapat magsuot ng takip sa mukha.

B. Upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat, bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19, lahat ng manggagawang nagtatrabaho sa mga negosyo o nagbibigay serbisyo na hindi kasama sa nakasaad sa ibaba ay kinakailangang magsuot ng takip sa mukha na takip ang kanilang ilong at bibig habangnagsasagawa ng kanilang trabaho.

1. Mga tindahan ng groseriya, sertipikadong merkado ng mga magsasaka, farm at produce stands, supermarket, food banks, convenience stores, warehouse stores, at iba pang establisimyentong nagbilili ng de-latang pagkain, tuyong kalakal, sariwang prutas at gulay, pakain ng mga alagang hayop, tubig, sariwang karne, isda, at manok, at iba pang consumer products (tulad ng paglilinis o mga personal na produkto ng pangangalaga), Kasama dito ang mga tindahan nagbebenta ng iba pang mga produktong hindi grocery, at mga produktong kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang pagpapanatili ng tirahan;

2. Mga Organisasyon at Negosyong nagbibigay ng pagkain, tutuluyan, at serbisyong panlipunan, at iba pang pangangailangan ng mga mahihirap o nangangailangang mga indibidwal (kabilang ang pagsugpo at pagkasangkot sa gang, karahasan sa tahanan, at mga ahensya ng serbisyo para sa walang tirahan);

3. Gasolinahan, auto-supply, mobile na operasyon sa paggawa ng Mga istasyon ng gasolina, auto-supply, mobile auto repair operation, mga auto repair shop (kabilang at walang limitasyon, sa mga auto repair shop na katabi o may kaugnayan sa used auto dealership), at mga tindahan ng pagkumpuni ng bisikleta at mga kaugnay na pasilidad;

4. Mga bangko, unyon ng kredito, mga institusyong pampinansyal at kumpanya ng seguro;

5. Mga tindahan ng hardware, mga nursery; mga building supplies;

6. Mga tubero, elektrisyan, exterminator, custodial / janitorial worker, mga serbisyo ng handyman, mga manggagawa sa puneraria at morge, serbisyo ng movers, mga HVAC installer, mga karpintero, mga serbisyong kaugnay ng paghahalaman at pag-aalaga ng puno, landscapers, hardinero, tagapamahala ng property, pribadong security personnel at iba pang serbisyong nagpapanatili sa kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon sa mga property at iba pang Mahahalagang Negosyo;

7. Mga negosyong nagbibigay ng serbisyong mailing at shipping kabilang ang post officeboxes;

8. Mga institusyong pang-edukasyon (kabilang ang mga pampubliko at pribadong mga paaralan ng K-12, kolehiyo, at unibersidad) na may layuning mapadali ang distant learning, makapagbigay ng meals for pick-up, o nagsasagawa ng mahahalagang gawain, sa kondisyong patuloy na pinananatili ang social distancing;

9. Mga laundromats, mga dry cleaner, mga serbiyong paglalaba;

10. Mga restawran at iba pang mga pasilidad na naghahanda at naghahain ng pagkaing para lamang sa delivery, drive thru o carry out. Hindi pinahihintulutan ang indoor o outdoor na pagkain sa restawran. Ang mga kapeterya, komisyonaryo, at restawran na matatagpuan sa loob ng ospital, nursing homes, o iba pang mga lisensyadong pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan ay maaaring magbigay ng serbisyong dine-in sa kondisyong pinananatili ang social distancing alinsunod sa Seksyon 2 (a) - (d).

11. Mga negosyo na nagbibigay ng office supply o mga computer products na kinakailangan ng mga taong nagtatrabaho mula sa bahay;

12. Mga Negosyong nagbibigay ng suporta o mga kinakailangan sa patuloy na operasyon ng iba pang mga Mahahalagang Negosyo;

13. Mga negosyong non-manufacturing, transportasyon o distribusyon na naghahatid at nagbibigay ng suportang logistikal sa paghahatid ng groceries, pagkain, kalakal o serbisyo direkta sa mga tirahan., Mahahalagang Negosyo, Pangkalusugang Operasyon at Mahahalagang Imprastraktura;

14. Serbisyong panghimpapawid, taksi, ride sharing services at iba pang pribadong tagapagkaloob ng transportasyong kinakailangan para sa aktibidad ng pang araw araw na pamumuhay at iba pang layunin na awtorisadong pinahihintulutan sa order na ito;

15. Pag-aalaga na nakabase sa tahanan para sa mga nakatatanda, matatanda, may kapansanan o mga bata;

16. Residensyal na pasilidad at kanlungan para sa mga walang tahanan, may kapansanan, nakatatanda, matatanda, bata at hayop;

17. Mga serbisyong pang-propesyonal, tulad ng ligal, payroll o accounting services, kung kinakailangan upang makatulong sa pagpapasunod sa mga ligal na ipinag-uutos na gawain, at ang pagbibigay ng permiso, inspeksyon, konstruksyon, paglilipat at pagrekord ng pagmamay-ari ng tirahan, kabilang ang residensyal at komersyal na real estate at anumang bagay na kaugnay nito;

18. Mga pasilidad ng pangangalaga sa bata na nagbibigay ng mga serbisyongnagpapahintulot sa mga empleyadong ma-exempt sa L.A. County Order upang magtrabaho ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng mga kundisyon sa Order ng Lungsod ng L.A.

19. Mga hotel, motel, shared rental units at mga katulad na pasilidad.

20. Ang mga manggagawa sa konstruksyon na sumusuporta sa konstruksyon, operasyon, inspeksyon, at pagpapanatili ng mga lugar ng konstruksyon at mga proyekto sa konstruksyon (kasama ang konstruksyon ng pabahay).

C. Sa panahong ito, ang takip sa mukha ay hindi kinakailangang maging medikal na maskara o N95 respirator, sa halip ay maaaring isama ang mga takip na tela, tulad ng ga scarf at mga bandana. Ang lahat ng mga manggagawa na kinakailangang magsuot ng takip sa mukha ay kailangang madalas na labahan o hugasan ang anumang magagamit na takip sa mukha (hindi bababa sa isang beses sa isang araw), para sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang sarili at ng iba. Ang mga pang-isahang gamit na takip ng mukha ay dapat na maayos na itapon sa mga basurahan. Ang mga manggagawang first responder para sa pampublikong pangkalusugan ay dapat magsuot ng pangkaligtasang takip sa mukha ayon sa mga patnubay na ipinatutupad ng Centers for Diseas Control at ng mga patakarang pangdepartamento ng Lungsod ng Glendale.

D. Ang mga employer ng lahat ng mga manggagawang nagtatrabaho sa mga negosyo o nagsasagawa ng mga serbisyo na inilarawan sa itaas ay dapat magpahintulot sa kanilang mga empleyado na hugasan ang kanilang mga kamay nang hindi bababa sa tuwing 30 minuto. Ang lahat ng mga nasabing employers ay dapat magbigay, sa kanilang gastos, ng mga hindi pang-medikal na grado ng takip sa mukha para sa kanilang mga empleyado. Sa kanilang gastos, dapat tiyakin ng lahat ng mga nasabing employer na ang kanilang mga empleyado ay may access sa malinis at na-sanitize na banyo, may stock ng lahat ng kinakailangang gamit at produktong panlinis at kinakailangan upang obserbahan ang mga protocol ng kalinisan ng kamay na inirerekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan ng County ng Los Angeles. Ang lahat ng mga nasabing employer ay dapat na magpatupad ng mga hakbang sa social distancing para sa mga kostumer, bisita, at empleyado na magkapagbibigay ng anim na talampakang agwat, hangga't maaari, sa pagitan ng mga indibidwal. Ang lahat ng mga kostumer at mga bisita ng mga negosyo at organisasong inilarawan sa Seksyon 1 ng Public Order na ito ay dapat magsuot ng takip sa mukha na sakop ang kanilang ilong at bibig upang magbigay ng karagdagang proteksyon para sa mga empleyado at kostumer. Sa panahong ito, ang takip sa mukha ay hindi kinakailangang medikal na maskara o N95 respirator, sa halip ay maaaring maging takip na tela, tulad ng mga scarf at bandana. Ang isang may-ari ng negosyo o operator na pinatutungkulan sa Seksyon 1 ng Public Order na ito ay maaaring tumangging papasukin o magbigay ng serbisyo sa sinumang indibidwal na hindi magsusuot ng takip sa mukha tulad ng hinihingi ng

Order na ito. Bilang karagdagan, ang lahat ng mga negosyong retail sa Seksyon 1 ay hinihikayat na mag-install ng plexiglass upang paghiwalayin ang kahera at kostumer sa lahat ng punto ng pagbebenta. Ang mga ito ay rekomendasyon at hindi kautusan.

E. Upang maprotektahan laban sa coronavirus at COVID-19, ang mga opisyal ng kapayapaan ay maaaring magpatupad sa mga indibidwal na naka-detain ayon sa batas ng paglalagay ng takip sa mukha. Kung ang isang indibidwal ay walang magagamit na takip sa mukha, bibigyan sila ng nabanggit na opisyal.

SEKSYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusan o aplikasyon nito ay hindi wasto ayon sa korte na may karampatang hurisdiksyon, ang nasabing kawalang-bisa ay hindi makakaapekto sa iba pang mga probisyon, seksyon, o aplikasyon na Mga Kautusan o Resolusyon na maaaring mabigyang epekto kung hindi kasama ang hindi wastong probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito ang bawat parirala, seksyon, pangungusap, o salita ay idineklara na maaaring ihiwalay sa iba.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng Abogado ng Lungsod para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gamitin ang kanilang sariling paghuhusga sa pag-papatupad ng kautusang ito at parating isipin ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, kasama ng iba pang mga mekasnismo ng pagtutupad na nasaad doon, na nagbibigay ng multa na $400 sa unang paglabag, $1,000 sa pangalawang pag-labag, at $2,000 sa pangatlong pag-labag.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga sumusunod na kautusan ay hindi pumapalit sa mga mas mahigpit na mga limitasyon na ipinataw ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Agajanian

Mayor

ATTESTED

City Clerk

APPROVED AS TO FORM

PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY

DATE May 13 2020

ESTADO NG CALIFORNIA
COUNTY NG LOS ANGELES LUNGSOD
LUNGSOD NG GLENDALE

SS.

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Blg. 20-55 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian

Hindi: Brotman

Hindi Dumalo: None

Hindi Bumoto: None

.!.............t:...:..:: ,l.!4.{/.M()rJ
City Clerk

Pinagtibay
05/12/20
Devine/Brotman Lahat Oo

**RESOLUSYON BILANG 20-56**

**RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA NAGPAPALAWIG NG NAUNANG RESOLUSYON NA NAGHAHAYAG NG PAMPUBLIKONG KAUTUSANG KAUGNAY NG PAGTAAS NG RENTA SA ILALIM NG NG AWTORIDAD NA PANGEMERHENSIYA NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBA PANG LAYUNING KAUGNAY AT AYON SA BATAS**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 24, 2020, ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 20-33 ay pinalawig ang mga naunang mga kautusan hanggang Abril 30, 2020 at nagpatupad ng pagtigil ng renta sa mga yunit na hindi saklaw ng pagtigil ng rent asa ilalim ng Costa-Hawkins Rental Housing Act (sa mga yunit na ginawa bago Pebrero 1, 1995, single family homes at mga indibidwal na condominium yunit); at

**Samantalang,** noong Marso 25, 2020, ang Direktor ng Serbisyong Pang Emerhensiya ay naghayag ng Pampublikong Kautusan Blg. 5, na nagsabing ang kautusang pagtigil sa pagtaas ng renta na ginamit upang ipatigil ang pagtaas ng renta kahit na ang paunawa sa pagtaas ng renta ay naibigay na, at ang sinumang nagpapaupa na nagnanais na magtaas ng renta ay kinakailangang magbigay ng bagong paunawa sa pagtaas ng renta matapos ang pagka-epektibo ng Kautusan;

8 C 4

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng Resolusyon Bilang 20-41 ay pinalawig ang lahat ng pampublikong kautusan hanggang Mayo 15, 2020, maliban sa Moratoryo sa Pagpapaalis na nananatili hanggang sa Mayo 31, 2020; at

**Samantalang,** ang mga mapanganib na kondisyong ay nananatiling umiiral, at nangangailangan ng pagpapalawig pgpapatuad ng nakasaad sa mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatibay ng mga karagdagang proteksyon sa pangangalaga ng pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**MAGING RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE** na:

SEKSYON 1. Resolusyon Blg. 20-33 at 20-41, na nauugnay sa mga pampublikong kautusang pang emerhensiyang nagpapatigil sa mga pagtataas ng renta at pagsasara ng ibang moratoryo sa renta ay pinapalawig hanggang Hunyo 30, 2020.

A. Pagtaas ng Renta para sa Residential Pag-aari. Upang magbigay ng tulong at proteksyon sa mga residente ng Glendale sa panahon ng hindi pa nararanasang emerhensiya tulad ng inilaan ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa pagsasabatas ng Resolusyon Blg. 20-41, kung saan ititigil ang pagtataas sa bayad sa upa mula Marso 24, 2020, kahit pa nakapagbigay na ng abiso na pagtataas ng upa, kung saan ang lahat ng residensiyal na upa ay dapat na pareho lamang sa upa noong Marso 24, 2020, at sa panahon ng paghihintay ng kautusang ito. Sa pagtatapos ng kautusang ito, ang mga nagpapaupa na nagnanais na dagdagan ang upa, ay dapat, alinsunod sa batas ng Estado, ay mag-isyu ng isang bagong paunawa sa pagtataas ng upa, na may malinaw na pagsasabi sa bagong petsa ng pagsisimula ng tumaas na upa at ang halaga ng pagtaas. Ang pagtigil sa pagtaas ay nalalapat sa lahat ng umuupa sa tirahan sa Lungsod ng Glendale, maliban sa mga apartment na itinayo pagkatapos ng Pebrero 1, 1995, mga indibidwal na yunit ng condominium, at tirahan ng pamilya. Kasama din dito ang mga yunit ng accessory na tirahan at mga silid sa hotel na inuupahan bilang pinahabang pananatili.

SEKSYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusan o ang aplikasyon nito ay hindi wasto ayon sa korte na may karampatang hurisdiksyon, ang nasabing kawalang bisa ay hindi makaka-apekto sa mga iba pang mga probisyon, seksyon o aplikasyon ng mga Kautusan o Resolusyon na maaaring mabigyang epekto kung hindi kasama ang hindi wastong probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito, ang bawat parirala, seksyon, pangungusap, o salita ay idineklarang maaaring ihiwalay sa iba.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng Abogado ng Lungsod para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gamitin ang kanilang sariling diskresyon sa pag-papatupad ng kautusang ito at parating isipin ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, kasama ng iba pang mga mekasnismo ng pagtutupad na nasaad doon, na nagpapataw ng multa na $400 sa unang paglabag, $1,000 sa pangalawang pag-labag, at $2,000 sa pangatlong pag-labag.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga sumusunod na kautusan ay hindi pumapalit sa mga mas mahigpit na mga limitasyon na ipinataw ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELES ) SS.
LUNGSOD NG GLENDALE )

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Bilang 20-56 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

| | |
|---|---|
| Oo: | **Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian** |
| Hindi | None |
| Hindi Dumalo:: | **None** |
| Hindi Bumoto: | None |

City Clerk

APPROVED AS TO FORM

PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY
DATE May 13, 2020

Pinagtibay
05/12/20
Brotman/Najarian Lahat Oo

**RESOLUSYON BILANG** 20-57

**ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA PINALALAWIG ANG NAUNANG RESOLUSYON NA NAGLALABAS NG MGA PAMPUBLIKONG KAUTUSAN SA PAGSASARA NG ILANG PASILIDAD NG LUNGSOD SA ILALIM NG AWTORIDAD NA PANGEMERHENSIYA NG LUNGSOD NG GLENDALE TUNGKOL SA COVID-19; AT PARA SA IBANG KAUGNAY AT AYON SA BATAS NA LAYUNIN**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** noong Marso 18, 2020, ang Direktor ng Serbisyong Pang Emerhensiya ay naglabas ng Pampublikong Kautusan Blg. 4 para sa pagsasara ng lahat ng trails, palaruan, fields at mga kagamitan ng mga parke and pasilidad na panglibangan na pagmamayari ng Lungsod; at

**Samantalang,** noong Abril 14, 2020, ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng Resolusyon Bilang 20-41 ay pinalawig ang lahat ng pampublikong kautusan hanggang Mayo 15, 2020, maliban sa Moratoryo sa Ebiksiyon na nananatili hanggang sa Mayo 31, 2020; at

**Samantalang,** ang mga mapanganib na kondisyon ay nananatiling umiiral, at nangangailangan ng pagpapalawig sa pagpapatupad ng nakasaad sa mga naunang resolusyon at pampublikong kautusan at magpatibay ng mga karagdagang proteksyon sa pangangalaga ng pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**MAGING RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE** na:

SEKSYON 1. Resolusyon Bilang 20-33 at 20-41, na nauugnay sa pampublikong emerhensiyang kautusan para sa pagpapasara ng lahat ng palaruan, fields, at kagamitan sa lahat ng parke, pasilidad na panglibangan na pagmamayari ng Lungsod ay pinapalawig hanggang sa Hunyo 30, 2020.

A. Pagpapasara ng Ibang Pasilidad ng Lungsod. Upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19, lahat ng mga palaruan, fields, at kagamitan ng Lungsod sa mga parke at pasilidad ng libangan na pagmamayari ng Lungsod ay manantiling nakasara. Ang Direktor ng Emergency Services ay maaaring bawiin o baguhin ang talatang ito ng Kautusan kung sa pagsasagawa noon ay naaalinsunod sa mga kautusan ng Los Angeles County Health Department.

SEKSYON 2. Kung ang anumang probisyon ng Pampublikong Kautusan o ang aplikasyon nito ay hindi wasto ayon sa korte na may karampatang hurisdiksyon, ang nasabing kawalang bisa ay hindi makaka-apekto sa mga iba pang mga probisyon, seksyon o aplikasyon ng mga Kautusan o Resolusyon na maaaring mabigyang epekto kung hindi kasama ang hindi wastong probisyon o aplikasyon, at sa puntong ito, ang bawat parirala, seksyon, pangungusap, o salita ay idineklarang maaaring ihiwalay sa iba.

SEKSYON 3. Anumang paglabag sa mga Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Opisina ng Abogado ng Lungsod para sa pag-uusig sa ilalim ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.20, na nagbibigay ng multa na hindi hihigit sa $1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat indibidwal na opisyal ay dapat gamitin ang kanilang sariling diskresyon sa pag-papatupad ng kautusang ito at parating isipin ang layunin ng kautusan. Ang mga paglabag ay maaari ding ipatupad ng mga probisyon ng Glendale Municipal Code Kabanata 1.24, kasama ng iba pang mga mekasnismo ng pagtutupad na nasaad doon, na nagbibigay ng multa na $400 sa unang paglabag, $1,000 sa pangalawang pag-labag, at $2,000 sa pangatlong pag-labag.

SEKSYON 4. Ang Resolusyon at ang mga sumusunod na kautusan ay hindi pumapalit sa mga mas mahigpit na mga limitasyon na ipinataw ng County ng Los Angeles o ng Estado ng California.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

ESTADO NG CALIFORNIA
COUNTY NG LOS ANGELES
LUNGSOD NG GLENDALE

SS.

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Bilang 20-57 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na boto:

Oo: Brotman, Devine, Kassakhian, Najarian, Agajanian
Hindi: None
Hindi Dumalo: None
Hindi Bumoto: None

City Clerk

APPROVED AS TO FORM

PRINCIPAL ASSISTANT CITY ATTORNEY
DATE\£:!.::p,,l.21U:C2--

Pinagtibay
05/12/20
Najarian/Kassakhian
**Hindi: Brotman, Devine**

**RESOLUSYON BILANG** 20-58

**ISANG RESOLUSYON NG KONSEHO NG LUNGSOD NG GLENDALE, CALIFORNIA, NA SUMUSUPORTA SA ENACTMENT NG RENT AND MORTGAGE CANCELLATION ACT NG 2020 (H.R. 6515)**

**Samantalang,** ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa paglaganap ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

**Samantalang,** noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

**Samantalang**, noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at

**Samantalang,** noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

**Samantalang,** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

**Samantalang,** ang Konseho ng Lungsod ay nag-labas ng ilang pampublikong kautusan na nagpapatupad ng moratoryo na nagbabawal sa pagpapaalis ng sinumang residensyal o komersyal na nangungupahan na hindi makakapagbayad ng renta dahil sa mga rason na may kaugnayan sa COVID-19; at

**Samantalang,** "The Rent and Mortgage Cancellation Act of 2020" (H.R. 6515) ay gagawa ng pagkaltas sa pagbabayad para sa lahat ng bayad sa upa at bayad sa pagkakautang sa pabahay sa panahong itinatagal ng kasalukuyang deklarasyon ng pambansang emerhensiya; at

**Samantalang,** ang moratoriyum ay gagawing may bisa sa nakaraan para maisama ang mga kabayaran noong Abril 2020 at magiging buong kapatawaran ng pagbabayad, na walang pagkakaipon ng pagkakautang para sa mga nangungupahan o sa mga may-ari ng bahay at sa ilalim ng batas, ang pederal na gobyerno ay magbibigay ng pondo para sa pagtulong sa mga nagpapaupa at mga nagpapautang para matulungan silang mabawi ang kanilang kawalan ng kita, hangga't sila ay sumasang-ayon na sumunod sa isang hanay ng mga makatarungang pagsasagawa ng pagpapaupa at pagpapautang sa loob ng limang taon; at

**8c 5**

**Samantalang,** ang gobyernong pederal ay lilikha ng “optional buyout fund” para mapondohan ang pagbili ng pribadong pag-aaring pinaaarkila ng mga non-profits, pampublikong awtoridad sa pabahay, kooperatiba, mga community land trusts, at mga estado o lokal na pamahalaan at ang pondong ito ay idedesenyo para mapagaan ang pagkawala ng mga tirahan sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya, mapagaan ang panganib sa spekulasyon sa real estate, at dagdagan ang pagkakaroon ng real estate sa merkado na abot-kaya at para sa mga mababa ang kita; at

**Samantalang,** nagpapatuloy na umiiral ang mapanganib na kondisyon sa Lungsod ng Glendale, at nangangailangang mapagtibay ng karagdagang proteksyon para sa pangangalaga sa pampublikong kalusugan at kaligtasan.

**NGAYON, SAMAKATWID, MAPAGKAISAHAN ITO,** na ang Lungsod ng Glendale ay sumusuporta sa "The Rent and Mortgage Cancellation Act of 2020" (H.R. 6515) at anumang katulad na batas na nagbibigay ng ayuda sa mga nangungupahan sa Glendale at mga naghahawak ng pagkakautang. Ang mga kawani ay binibigyan ng karagdagang kapangyarihan para gumawa ng mga hakbang para suportahan ang batas na pinaniniwalaang kinakailangan.

Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale sa araw na ito ika-12 ng Mayo, 2020.

Mayor

ATTEST:

City Clerk

ESTADO NG CALIFORNIA )
COUNTY NG LOS ANGELESS ) SS.
S

LUNGSOD NG GLENDALE

Ako si, Aram Adjemian, City Clerk ng Lungsod ng Glendale, ay nagpapatunay na ang nauunang Resolusyon Bilang No. 20-58 ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, California, sa isang regular na pagpupulong na ginanap noong ika-12 ng Mayo 2020, at ito ay pinagtibay ng mga sumusunod na *boto:*

| | |
|---|---|
| Ayes: | Kassakhian, Najarian, Agajanian |
| Noes: | Brotman, Devine |
| Absent: | None |
| Abstain: | None |

City Clerk

APPROVED AS TO 1',.

6